



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG PAGSISI NG DI NANINIWALA NA MAY DIYOS

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

May mga taong nagsasabi na ang Paraiso at Impierno ay andito na. Sila ay nagsasalit mula sa kanilang sarili(nafs) lamang, mga salita ng walang alam na tao. Ang paraiso at impierno ay andito na at andun sa Qiyamah.

Ang nabubuhay sa paraiso ngayon dito ay ang mga naniniwala sa Allah lamang. Sila'y nasa paraiso dahil kontento sila sa bigay ng Allah at sila'y nagrurukuh sa Allah. Ayos sila sa lahat ng bigay nga Allah. Ngunit sila namang laging di sang-ayon sa Allah, sila'y patuloy na nasa impierno. Impierno dito sa mundo at sa kabilang mundo.

Ang Iman ay paniniwala sa Qiyamah at kabilang mundo. Itong iman ay mahalaga sa ating mga tao. Ito'y ninakaw minsan ng shaytan at ginagamitan niya ng masasamang salita. Kami ay nasa Cyprus ng narinig namin ang tungkol sa ganito. Ito'y mula sa Hikma ng Allah. May dumating na isang kapitbahay namin, siya ay tagalinis ng Masjid pero kanyang paulit ulit na sinasabi na ang Paraiso at Impierno ay dito lang. Kahit anong pagpapaliwanang namin ay di pa rin siya naniniwala. Hindi umabot ang isang taon at namatay siya. Kaniya ng nakita ngayon ang kaniyang di pinaniwalaan na andun sa kabilang Mundo. Punong-puno na siya ng pagsisi.

Binigyan tayo ng Allah ng mahalagang bagay, ang Iman. Nawa'y di ito kunin sa atin ng Allah. Nawa'y ito palakasin niya Araw-araw In Sha Allah. Alamin natin ang halaga nito. Sa Qiyamah lahat ng mga hayop ay mabubuhay muli at sasabihin sa kanila na maging lupa, sila'y magiging lupa ula sa utos ng Allah. Tapos sasabihin ng mga Kafi na sana'y naging lupa na rin kami at sana'y naging hayop na lang kami. Mas mabuti pa ang hayop kaysa sa kanila sa araw na iyo. Nawa'y iligtas tayo lagi ng Allah In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
19 November 2016/19 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah